# 3RD Quarter: Pagmamahal sa Bansa at Pakikibahagi sa Pandaigdigang Pagkakaisa

**Aralin 2**

**Layunin:** Nakapagpapakita ng mga kanais-nais ba kaugaliang Pilipino
• Magiliw na pagtanggap ng mga panauhin **(EsP5PPP - IIIa - 23)**

**Paksa/ Pagpapahalaga:** Pagkakaroon ng Disiplina

**Mga Kagamitan:** tsart, manila paper, pentel pen, metacard

**Integrasyon:** Filipino, Araling Panlipunan

**Pamamaraan:**

**Alamin Natin (Day 1)**

1. Itanong: Sino sa inyo ang may mga kamag-anak na naninirahan sa ibang bansa?
Ano ang tawag sa mga kababayang naninirahan sa ibang bansa na padalaw-dalaw na lamang sa Pilipinas o sa bansang pinagmulan?
2.Ipabasa ang dula " Ang Balikbayang kamag-anak
a. Gabayan ang mag-aaral sa pagsagot ng mga tanong.

**Isagawa (Day 2)**

1. Ipagawa sa mga mag-aaral ang Gawain 1 Tandaang ito ay isahang Gawain. Iproseso ang mga kasagutan ng mga mag-aaral.

2. Ipagawa ang Gawain 2
    a. Bumuo ng apat na pangjkat sa inyong klase. Maghanda amg bawat pangkat ng dula-dulaang nagpapakita ng hung paano pakikiharapan ang mga dumarating sa tahanan, paaralan, pamayanan at bansa. Bawat pangkat ay may kani-kaniyang sitwasyon na isadula.
3. Gabayan ang mga mag-aaral. Sa pangkatang Gawain magkaroon ng disiplina ang bawat grupo.

**Isapuso Natin (Day 3)**

1. Bago ipagawa ang Gawain sa Isapuso Natin na nasa kagamitan ng mag-aaral " Ano ang iyong gagawin kung may darating na panauhin sa inyong tahanan kung ikaw ay nag-iisa? Gabayan ang mga mag-aaral sa pag-gawa ng Gawain, gayundin sa pagsagot sa mga tanong.
2. Basahin at bigyang-diin ang Tandaan Natin, Ipabasa ito sa nga mag-aaral nang may pang-unawa. Ipaliwanag nang mahusay ang mensahe nito upang lubos na maisapuso ito ng mga mag-aaral.

**Isabubay Natin (Day 4)**

Ipagawa ang A at B sa kagamitan ng mag-aaral

**Subukin Natin (Day 5)**

Ipahanda sa mga mag-aaral ang papel na sagutan at ipasagot ang Subukin Natin sa Kagamitan na Mag-aaral

Batiin ang mga mag – aaral pagkatapos ng aralin at ihanda sa susunod na leksiyon. Maaaring magbigay ang guro ng takdang – aralin kung kinakailangan.